Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-25 NG MAYO, 2021 SA GANAP NA IKA-09:20 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | *Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT C. RANA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ---------------- | Pangulo-LNB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ---------------- | Pangulo-PSK |

**KAPASIYAHANG BLG. 36 T. 2021**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA PUNONG LALAWIGAN NG LAGUNA, KGG. RAMIL L. HERNANDEZ, NA ISAILALIM SA ROAD ENHANCEMENT ANG LAGUMBAY ROAD UPANG MATAMBAKAN AT MAITAAS ANG ELEVATION NITO NG SA GAYON AY MANATILING NADARAANAN LALO NA KUNG DUMARATING ANG MALAWAKANG PAGBAHA BUNSOD NG PAGLAKI NG TUBIG SA LAWA NG LAGUNA**

**Akda ni KGG. IRENEO R. BALDOVINO**
Tagapangulo ng Lupon ng Agrikultura

**SAPAGKAT**, isa sa walong (8) puntong programa ng “Serbisyong Tama” o “Rise High Laguna” advocacy ng minamahal na Gobernador Ramil L. Hernandez ay ang Appropriate Infrastucture Program o ang mga Prayoridad na Proyektong Pang-Imprastraktura na naglalayong matugunan ang mga pangangailangan ng mga Lagunense sa pamamagitan ng mga pagawain na magbibigay ng pangmatagalang solusyon;

**SAPAGKAT**, ang Lagumbay Road ay isa sa mga pangunahing kalsada patungo at palabas ng kabayanan ay nangangailangan na manatiling nadaranan at nakarugtong sa road network system sa bayan at lalawigan kahit na sa panahon ng malawakang pagbaha upang patuloy na dumadaloy ang pagpasok ng komersyo sa pamamagitan ng naturang daan;

**SAPAGKAT**, sa pamamagitan pa rin nito ay mabilis na maihahatid ang iba’t ibang uri ng serbisyo at tulong mula sa iba’t ibang sangay ng lokal at pambansang pamahalaan para sa mga naapektuhan ng baha, gayun din sa pagpapanatiling nadaraanan ang Lagumbay Road ay patuloy na makapapasok ang mga mag-aaral na naninirahan sa Barangay Lewin (Ibaba) sa mga pangunahing paaralan sa kabayanan;

**SAPAGKAT**, ang pagtataas sa elevation ng Lagumbay Road at titiyak din sa quick emergency response kung sakaling magkaroon ng aberya sa mga barangay sa timugang bahagi ng bayan gaya ng Barangay Wawa, Segunda Pulo, Primera Pulo at Balimbingan;

**SAPAGKAT**, mabibigyang katuparan ang mga layunin ng Pamahalaang Bayan ng Lumban at ng iba pang mga lokal na pamahalaan ng lalawigan ng Laguna sa pamamagitan ng

pakikipagbalikatan ng minamahal na Gobernador Ramil L. Hernandez sa ikatatatag at ikauunlad ng kaniyang mga nasasakupan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **Kgg. Ireneo R. Baldovino** na pinangalawahan nina Kgg. Rhoda DM. Rabie, Kgg. Rose Ann R. Añonuevo, Kgg. John Albert Rana at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA**, ng gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na mapitagang humihiling sa Punong Lalawigan ng Laguna, Kgg. Ramil L. Hernandez, na isailalim sa road enhancement ang Lagumbay Road upang matambakan at maitaas ang elevation nito ng sa gayon ay manatiling nadaraanan lalo na kung dumarating ang malawakang pagbaha bunsod ng paglaki ng tubig sa Lawa ng Laguna.

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng minamahal na Punong Lalawigan at sa iba pang mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-25 ng Mayo, 2021.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt052521res36*